



IMPORMASYON PARA SA MGA PAMILYA

Ang bayad sa Matrikula para sa Mga Kasanayan na Hinahanap (Skills in Demand) na visa (subclass 482) at ang Pansamantalang Trabaho (May Kasanayan) Temporary Work (Skilled) na visa (subclass 457) na ang mga anak ay nag-aaral sa mga pampublikong paaralan sa Western Australia.

Ang Pamahalaang Western Australian (WA) ay kasalukuyang nagbibigay ng pagpapatawad sa bayarin (fee waiver) para sa mga may hawak na Skills in Demand visa (subclass 482) at sa Temporary Work (Skilled) visa (subclass 457), na ang mga anak ay pumapasok sa mga paaralang pampubliko sa Western Australia.

Simula sa 2027, ang Pamahalaang WA ay muling magpapairal ng means test para sa mga pamilyang patuloy na nag-a-access ng pagpapatawad sa bayarin ng matrikula sa pampublikong paaralan. Ang mga pamilyang may pinagsamang kinikita na mababa sa \$90,000 bawa't taon ay maaaring magpatuloy sa pagpatala ng kanilang mga naka-depende (dependants) sa pampublikong paaralan ng WA na walang-babayaran.

Ang mga pamilyang may pinagsamang kinikita nang mahigit sa \$90,000 bawa't taon ay kakailanganing magbayad ng isang taunang pampamilyang bayad sa matrikula (family tuition fee). Itong bayarin ay kailangan lang bayaran ng pamilya nang isang beses, bawa't taon, maging ilan man ang dami ng mga naka-depende (dependants) na nakatala sa pampublikong paaralan.

Ang bayad sa matrikula at pamboluntaryong kontribusyon sa paaralan, mga singil at bayarin

Ang bayad sa matrikula ay \$4000 bawa't pamilya bawa't taon, maging ilan man ang bilang ng mga anak sa (Pre-primary hanggang Year 12) na nakatala sa mga pampublikong paaralan. Ang mga pamilyang ang pinakamatandang anak ay nakatala sa Kindergarten ay hindi kakailanganing magbayad ng bayarin.

Ikaw ay aatasan ding magbayad ng mga boluntaryong kontribusyon ng paaralan, mga singil at bayarin direkta sa mga paaralan ng inyong anak. Itong mga bayad ay isinasagawa ng lahat ng mga pamilya na ang mga anak ay ay pumapasok sa paaralan at dapat bayaran bawa't taon para sa bawa't bata na nakatala.

Pagbabayad ng bayad sa matrikula

Sa Western Australia, ang TAFE International Western Australia ang namamahala ng pagreresibo at pagkokolekta ng bayad sa matrikula para sa kapakanan ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education). Sa pagsisimula ng bawa't school year (o kapag nakatala ang iyong mga anak sa paaralan), makakatanggap ka ng payo sa bayarin para sa \$4000 (o pro rata) maaaring sa pamamagitan ng koreo o email. Maaari mong bayaran ang tuition fee nang buong halaga sa isang bigay; o sa pag-instalment sa kabuuang taon sa pamamagitan ng direct debit. Ang mga bayarin ay maaaring bayaran sa online via BPoint gamit ang unique link na ibibigay kasama sa payo ng bayarin. Ang kabuuang bayad ay dapat na matanggap bago pa magtapos ang taon na inisyu ang resibo. Ang anumang hindi nabayaran o hindi pa nababayaran bayad sa matrikula mula sa nakaraang taon ay dapat bayaran kasama ang mga bagong bayarin.

Hindi na magbabayad ng bayad sa matrikula

Hindi ka na magbabayad ng bayad sa matrikula kung:

- nakamit mo na ang pagiging permanenteng residente;
- tumigil na ang iyong mga anak sa pag-aaral sa pampublikong paaralang sistema; o
- nagbago ang katayuan ng iyong visa.

Dapat mong abisuhan ang bawa't paaralang pinapasukan ng iyong mga anak kung alinman sa mga sitwasyong ito ay maganap. Ito ay magtitiyak ng tamang Abiso ng Bayarin (Fee Advice) ang maipapaisyu at tatanggap ka ng anumang mga balik-bayad (refunds) na karapat-dapat sa iyo.

Kung ikaw ay nasa 457 o 482 na visa ngunit sa ngayon ay Bridging Visa na, dapat mong ipagpatuloy ang pagbabayad ng bayad sa matrikula. Ang isang Bridging Visa ay hindi nagpapabago sa mga kondisyon at karapatan ng iyong substantive 457 o 482 na visa.

Pagpapatawad sa bayarin o pagbabawas

Kung ikaw ay may hawak na 457 o 482 visa, maaaring kang mag-apply para ang bayad sa matrikula ay mabawasan o mapatawad. Ang isang aplikasyon ay dapat gawin sa loob ng taon na ang bayarin ay sinisingil. Ang mga aplikasyon para sa pagpapatawad ng bayad sa matrikula na sinisingil noong nakaraang mga taon ay hindi na pwedeng isalang pa.

Mayroong dalawang klaseng aplikasyon para mabawasan o mapatawad ang bayad sa matrikula:

Pinagsamang kabuuang kita ng pamilya

Ang pinagsamang kabuuang kita ng pamilya ay ang kabuuang kitang pinapatawan ng buwis (total taxable income) na tinanggap ng dalawang magulang (both parents) bago pa ginagawa ang pataw ng

buwis at iba pang mga kabawasan. Ang kita sa overtime o mga bayad na bonus ay kabilang. Kung ang pinagsamang kabuuang kita ng pamilya ay nakalkula na \$90,000 o mas mababa para sa kalendaryong taon, saka pa lang ikaw mapagkakalooban ng buong patawad (full waiver) ng bayad sa matrikula.

Kailangan kang magbigay ng ebidensya para payagang makalkula ang pinagsamang kabuuang kita ng pamilya. Ang iyo at sa kapartner mong ebidensya ay dapat makakabilang ang:

- tatlong pinakahuling payslip;
- ebidensya ng year to date na kita;
- kita na nakareport sa PAYG o group certificates; at
- ang 457 o 482 Visa grant notice o ang iyong kontrata sa pagka-empleyo na may garantisadong kita.

Hindi inaasahang mga pagbabago sa sitwasyong pampinansya

Ang kabuuan o bahagyang pagpatawad sa bayad sa matrikula ay maaaring ibigay kapag ang hindi inaasahang pagbabago sa iyong sitwasyong pampinansya ay nagpabawas sa iyong kakayahan para magbayad ng bayad sa matrikula. Kailangang magbigay ka ng ebidensya ng hindi inaasahang pagbabago at kung paano ito nakaapekto sa iyong kakayahang magbayad ng matrikula sa loob ng anim na buwang pangyayari nito.

Kabilang sa hindi inaasahang sitwasyon ay pagkakasakit, nagbago ang mga kondisyon mo sa trabaho, pagkakagulo sa pamilya o pagkamatay.

Itong mga sumusunod na sitwasyon ay hindi isinaaalang-alang na hindi inaasahan:

- ang pangangailangang magbayad nitong bayad sa matrikula o iba pang mga bayarin sa paaralan;
- pag-a-apply ng pagiging permanenteng residente;
- mga gastusin sa pamilya kagaya ng renta, paseguro sa kalusugan o mga paghuhulog-bayad ng utang; o
- pagbabayad sa edukasyon ng iba pang anak o ng isang adultong mag-aaral.

Anumang pagbabago sa iyong trabaho ay makakaapekto sa iyong aplikasyon ng tulong sa kahirapan. Kakailanganin kang magbigay ng kabuuang kita na tinanggap mo at ng iyong kapartner galing sa lahat ng maybayad na trabaho. Kailangan kang magbigay ng mga sulat sa pagpapatigil sa trabaho o pagka-redundancy, mga pinal na payslip galing sa trabaho o impormasyong nagdedetalye kung gaano katagal ka na at ang iyong kapartner na walang trabaho.

Ang lahat ng mga aplikasyon sa pagpapatawad ng bayarin ay isinaaalang-alang batay sa bawa't kaso. Aabisuhan ka tungkol sa naging resulta ng iyong aplikasyon sa pagitan ng apat hanggang anim na linggo matapos na maibigay ang lahat ng mga kinakailangang dokumentasyon sa TAFE International Western Australia.

Kailangang magsalang ng bagong aplikasyon sa pagpapatawad ng bayad sa matrikula bawa't taon. Kapag inaprubahan ang pagpapatawad sa bayad sa matrikula, ito ay ilalapat lamang para sa panahon nang wala kang kakayahan para magbayad ng bayarin. Ang isang pagpapatawad sa pagbabayad ng bayarin ay hindi maaaring dalhin sa susunod na school year.

Para makapag-apply ng pagpapatawad sa bayarin o malaman ang karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang:

www.tafeinternational.wa.edu.au/TSS